UNION CITY GABAY SA CUSTOMER

Pakilagay ang mga sumusunod na materyales sa bawat kairton.

BASURA

Aang iyong kulay-asul na kariton ay kokolektahin linggo-linggo

Ano ang nangyayari sa loob:

Anumang hindi mare-recycle at hindi-organiko o hindi-nabubulok na basura.

WALANG mapanganib na basura o mga basura sa pagpapatayo/ pag-ayos ng bahay.

PAG-RECYCLE

Ang iyong kulay-kayumangging kariton ay kokolektahin linggo-linggo.

Ano ang nangyayari sa loob:

(Pakiusap, WALANG mga heringgilya/ matutulis!
Para sa impormasyon ukol sa maayos na pagtapon, magpunta sa www.co.alameda.ca.us/aceh. I-click ang basura (waste). I-click ang solid/medical waste.

Mga Lata at Foil
Mga lata na aluminyo ng inumin at mga lata na aluminyo ng pagkain (hal. mga lata ng pagkain ng pusa)
Mga lata ng pagkain at inumin na gawa sa asero/lata
Malilinis na aluminum foil at mga bandehado ng pagkain na gawa sa foil

Mga Bubog at Bote
Lahat ng mga bote at garapon na gawa sa bubog (mayonnaise, mga bote ng apple juice, bote ng alak, atbp.)
Mga bote na California redemption (beer, juice, wine coolers, atbp.)
Mga plastik na bote ♻1-7
Mga bote ng tubig
Mga bote ng juice
Mga bote ng soda na may laman na 1 at 2 litro
Mga sisidlan ng gatas at tubig
Mga bote ng produktong sabon/panlinis
Mga bote sa pansariling pangangalaga (personal care)

Papel
Dyaryo (kabilang ang mga palakip)
Papel sa opisina (puti at may kulay)
Papel para sa computer
Karton na uka-uka
Mga kahon na karton at papel na pamunas o tisyu
Mga librong pang-telepono
Mga magasin at katalogo
Mga kahon ng pagkain/sabon
Mga papel sa opisina (mga folder, fax paper, patalastas, flyers, atbp.)
Mga sulat na patalastas, buslong sulat at basurang papel
Mga papel na idinikit ng pandikit na hindi matutunaw sa tubig (mga librong paperback, hardback mga pakete ng overnight mail, atbp.)
Mga karton ng gatas (nilinisan at binalnawan)

DI-MAPAGANIB NA BASURA (GREEN WASTE)

Ang iyong kulay-berde na kariton ay kokolektahin tuwing makalawang linggo (tuwing makalawanglinggo hanggang ika-12 ngSetyembre).

Ano ang nangyayari sa loob:

Mga tinabas sa trangkahan, damo, ligaw na damo, dahon, mga tabas-tabas, mga sanga, mga patay na halaman, mga dahon-dahon, mga tinabas sa puno, mga maliliit na piraso ng kahoy.

Simula Setyembre 12, 2005, maisasama na ng mga residente ang mga tirang pagkain sa inyong mga kariton ng organiko. Ang pagkolekta ng mga organiko ay magiging lingguhan na at may ipapamahaging mga maliliit na timba para sa kusina para sa madaliang pagkolekta ng tirang pagkain sa iyong kusina. Kapag ito ay napuno, isalin ang laman nito sa iyong kulay-berde na kariton ng basura/organiko. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon ukol sa bago at nakaa-giliw na programg ito sa panahon ng tag-init!

Ang mga kariton ng baura/ organiko ay makukuha sa iba't-ibang mga laki at ang mga karagdagang kariton ng basura sa trangkahan/organiko ay makukuha nang may bayad. Makipag-ugnayan sa Tri-CED sa (510) 429-8030.

Upang siguraduhin na mabisang umaandar ang iyong programa sa pag-recycle, paki-recycle ang lahat hangga't maaari.

Mga Panahon ng Pagdampot at mga Piyesta-opisyal

Ang mga kariton ay kokolektahin sa pagitan ng 6 AM hanggang 6 PM. Pakilabas ang iyong mga kariton sa bangketa pagsapit ng 6:00 AM. Tanging apat na mga piyesta-opisyal, ang Labor Day, Thanksgiving, Pasko at Bagong Taon ang idinadaos. Sa panahon ng linggo na may piyesta-opisyal, anumang mga araw sa pagkolekta na sasapit matapos ang piyesta-opisyal ay idadaos nang isang araw na mas matagal hanggang sa Sabado.

Mahalaga Ang Laki ng Iyong Kariton

Ang iyong halaga ay base sa laki ng iyong kariton sa basura. Upang mapalitan ang iyong kariton ng basura ng mas malaki o mas maliit, pakitawagan ang Allied Waste sa (510) 657-3500. Papalitan ng mga bagong kariton ang iyong mga lumang kariton sa Hulyo matapos magsimula ang bagong programa. Ang lahat ng mga pagbabago ng laki ng kariton ay magsisimula sa Agosto, matapos na matanggap ng mga residente ang kani-kanilang mga kariton mula sa Allied Waste.

Para sa mga kariton sa pag-recycle at pang-organiko, tawagan ang Tri-CED sa (510) 429-8030.

Gamit na Langis

Maaari ding ma-recycle ang gamit na langis! May mga libreng sisidlan ang iyong makukuha upang mai-recycle ang iyong nagamit nang langis ng makina ng sasakyan. Maaari kang maglagay ng hanggang sa dalawang ganap na natakpan, tig-isang galon na sisidlang plastik na may di-nabahiran (hindi nahaluan) na gamit na langis ng makina ng sasakyan katabi ang iyong kariton sa pag-recycle sa iyong nakatakdang araw ng pagkolekta sa pag-recycle. Para sa mga Sisidlan ng Langis ng Tri-CED o mga katanungan, pakitawagan ang Tri-CED sa (510) 429-8030. Tanging ang mga Sisidlan ng Langis ng Tri-CED ang dadamputin!

Pag-iwan ng Mapanganib na Basurang Pang-Bahay o Household Hazardous Waste (HHW)

Maaaring iwanan ng mga residente ng Union City ang kani-kanilang mga mapanganib na basurang pang-bahay sa pasilidad ng Mapanganib na Basurang Pang-Bahay ng Alameda County (Alameda County Household Hazardous Waste facility) sa Hayward na matatagpuan sa 2091 West Winton Avenue. Para malaman kung paano makarating doon, o para sa isang listahan kung ano ang iyong maaaring iwanan, at mga oras, tawagan ang 1-800-606-6606 o bisitahin ang www.household-hazwaste.org.

Pagkolekta ng Puno na Pang-Piyesta Opisyal

Kokolektahin ang Tri-CED ang iyong puno na pang-piyesta opisyal mula Disyembre 26 hanggang Enero 31. Ilagay lamang ang puno sa tabi ng bangketa katabi ang iyong kariton na pang-organiko. Ang mga puno na higit sa 6 na piye ang tangkad ay kailangang putulin sa gitna. Ang mga puno na may tinsel, ilaw, palamuti o nasa isang tagdan na plastik o bakal ay hindi kokolektahin. Maaari ninyon ding iwanan ang inyong mga puno sa Tri-CED Community Recycling, 33377 Western Avenue, Union City, CA 94587— o saAllied Waste, 42600 Boyce Road, Fremont, CA 94538.

Pamimigay ng Compost

Isang beses sa bawat taon, ang mga residente ng Union City ay makakatanggap ng dalawang LIBRENG bag ng masustansyang compost na gawa sa mga basura sa trangkahan at mga tirang pagkain. Ipagbibigay-alam sa inyo ng Allied Waste ang ukol sa petsa ng Pamimigay ng Compost. Kailangan ng patunay ng pagiging residente ng Union City.

Rent-Me-Bins o Mga Upahang Sisidlan

Muli ba ninyong isinasaayos ang inyong bahay? Pinapalitan ba ninyo ang inyong bakod? Kailangan ba ninyo ng isang sisidlan, ngunit hindi ang mga MALALAKING sisidlan? Maaari kang umupa ng isang 6 na yarda, 6' haba at 6' lapad x 5.5' taas, na sisidlan sa loob ng 3 araw mula sa Allied Waste. Ang sisidlan ay hindi dapat titimbang nang higit sa 1000 libras. Walang konkreto o lupa. Tawagan ang Allied Waste Debris Box Service sa (510) 249-5870 ext 2.

Pagdampot ng Malaking Bagay

Nakakatulong ang mga matatawagang pagkolekta ng malalaking bagay na panatilihing maganda ang Union City. Ang lahat ng mga residente na may indibidwal na serbisyo sa pagkolekta ng basura sa tabi ng bangketa ay may-karapatang makagamit ng dalawang (2) matatawagang kaganapan sa malalaking bagay sa bawat taon. Kabilang sa mga kokolektahing bagay ay ang sobrang basura, mga malalaking kagamitan, mga microwave oven, bisikleta, furniture, telebisyon, mga stereo at mga computer. Ang mga mare-recycle na materyales, tulad ng mga elektroniko at appliances ay kukunin bilang bahagi ng serbisyong ito. Ang mga muling-magagamit na bagay ay ilalagak upang maibigay sa mga Tagapagbigay sa pamamagitan ng serbisyong ito. Walang mga piyesa ng sasakyan, mga bagay na higit sa 150 lbs., mga mapanganib na basurang pang-bahay (tingnan ang bahagi ukol sa HHW), mga dumi sa pagpapatayo/pag-ayos ng bahay o mga maliliit na abubot. Ang mga dagdag na pagdampot ay maaaring magamit nang may bayad. Upang maipatakda ang iyong pagkolekta ng malalaking bagay, pakitawagan ang Allied Waste sa (510) 657-3500

Maaari din ninyong iwanan ang inyong mga materyales na elektroniko (mga Computer, mga TV, Cell Phone, Fax Machine atbp.) sa Tri-CED Community Recycling, 33377 Western Avenue, Union City o sa Allied Waste, 42600 Boyce Road, Fremont.

Pagpupuwang ng Kariton

Pakilagay ang inyong mga kariton sa kalye, nakasangga ang mga gulong sa bangketa at nakasara ang mga takip at handa nang makolekta pagsapit ng 6 AM sa inyong nakatakdang araw ng pagkolekta. Maglagay ng palugit na hindi bababa sa 2 piye sa pagitan ng mga kariton. Kailangan ang pagpapalit sa lugar ng kariton na ito sanhi ng bago at awtomatikong mga trak sa pagkolekta na ginagamit sa Union City. Mangyaring huwag ilalagay ang inyong mga kariton sa ibabaw ng bangketa, sapagkat makukuha lamang ng aming mga bagong trak ang mga ito mula sa kalye.

Mantika

Maaaring iwanan ng mga residente ng Union City ang kani-kanilang mga nagamit na mantika at grasa nang LIBRE sa Allied Waste Customer Service Center, 42600 Boyce Road sa Fremont. Ang Center ay bukas Lunes hanggang Biyernes, 8 AM hanggang 5 PM. Dalhin ang inyong mantika na nakalagay sa isang naka-selyong sisidlan. Kailangan ng isang photo ID at patunay ng pagiging residente (tulad ng isang kasalukuyang singil sa utility). Pakitawagan ang Allied Waste sa (510) 657-3500 para sa anumang mga katanungan.

Sentro sa Pagtubos sa Pag-recycle / Electronikong Pag-recycle na Basura

Simula Hunyo 1, 2005, tatanggapin ng Tri-CED ang Elektronikong Basura sa Sentro ng Pagtubos sa Pag-recycle (Buyback Recycling Center) sa 33377 Western sa Union City.

有关普通话信息，请访问 www.bfiofalamedacounty.com
或者拨打 (510) 657-3500。

有关广东话信息，请访问 www.bfiofalamedacounty.com
或者拨打 (510) 657-3500。

हिन्दी मे जनकारी के लिए www.bfiofalamedacounty.com
पर जाये या (510) 657-3500 पर फोन करे।

Para obtener información en español, visite www.bfiofalamedacounty.com
o llame por teléfono al (510) 657-3500.

Para sa impormasyon sa Tagalog magpunta sa www.bfiofalamedacounty.com
o tumawag sa (510) 657-3500.

Mayroon ka bang Katanungan Ukol sa Iyong Bayarin o mga Pagbabago sa Iyong Serbisyo?

Ang iyong basura, pagre-recycle o mga pangunahing serbisyong pang-organiko ay sinisingil bilang kabilang sa iyong amelyar. Kapag pinalaki mo ang laki ng iyong kariton o humiling ka ng anumang karagdagang serbisyo na may kaukulang bayarin, makakatanggap ka ng singil mula sa Allied Waste para sa mga karagdagang serbisyo. Pakitawagan ang Allied Waste sa (510) 657-3500 para sa anumang mga katanungan.

Nagsasanib ng mga puwersa upang mapagsilbihan ang mga residente ng Union City (kanan hanggang kaliwa) ay sina David Langer, Allied Waste General Manager; Tony Acosta, Union City Deputy City Manager; at Richard Valle, Tri-CED President at Union City Council Member.

Bayaran ang Iyong Bayarin sa Madaling Paraan

Narito ang apat na mga paraan upang makapagbayad ng iyong bayarin na may karagdagang serbisyo na higit sa batayan na 32-gallon na serbisyo:

1. Maaari mong maibigay ang iyong bayad o magbayad nang personal sa pamamagitan ng salapi, tseke o credit card sa Allied Waste Customer Service Center, 42600 Boyce Road (sa pagitan ng Auto Mall Pkwy at ng Stevenson Blvd.), Fremont, Lunes hanggang Biyernes, 8 AM hanggang 5 PM.
2. Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng tseke at ipadala ito sa koreo kasama ang iyong singil.
3. Maaari kang magbayad gamit ang credit card sa pamamagitan ng telepono. Tawagan ang Allied Waste sa (510) 657-3500.
4. Maaari kang mag-rehistro para sa awtomatikong pagbabayad sa pamamagitan ng credit card o sa pamamagitan ng iyong bank account (checking o savings) gamit ang dokumento sa Kasunduan ng Pagbibigay-Pahintulot ng Allied Waste (Allied Waste Billing Authorization Agreement form). Mangyaring magpunta sa www.bfiofalamedacounty.com.



Kung Kailangan Mo Ng Dagdag Tulong

Maaaring magamit ang pagkolekta sa pang-likod na trangkahan (backyard) gilid na trangkahan (side yard) para sa mga residente na may kapansanan. Tawagan ang Allied Waste Customer Service sa (510) 657-3500 para sa impormasyon ukol sa pagiging karapat-dapat. Para sa espesyal na paghahawak ng pagre-recycle o pagkolekta ng mga organiko, paktawagan ang Tri-CED sa (510) 429-8030.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan?

Mga Basura at maa Malalaking Bagay na Dadamputin

ALLIED WASTE SERVICES

Para sa mga katanungan o mga isyu ukol sa serbisyo tulad ng isang di-nakuhang pagdampot ng basura o upang magpatakda ng pagdampot ng isang malaking bagay, tawagan ang Allied Waste Customer Service Department at sa (510) 657-3500. Ang aming linya ng customer service ay may mga nagbabantay mula Lunes hanggang Biyernes, 8 AM hanggang 6 PM (sarado kapag piyesta-opisyal). Maaari ka ding mag-iwan ng isang mensahe matapos ang oras ng may-pasok gamit ang aming serbisyo sa pagsagot. Iba pang mga paraan upang makontak kami:

1. Mag-email sa Customer Service sa pamamagitan ng aming website, www.bfiofalamedacounty.com
2. Bisitahin kami o lumiham sa amin sa Allied Waste, 42600 Boyce Road, Fremont, CA 94538.

Pagre-recycle at mga Organiko

Tri-CED Community Recycling

Para sa mga katanungan o mga isyu sa serbisyo tulad sa isang di-nakuhang pagdampot para sa pag-recycle o pagkolekta ng basura sa trangkahan/mga organiko, makipag-ugnayan sa Tri-CED Community Recycling sa (510) 429-8030. Ang mga oras ng tanggapan ay Lunes hanggang Biyernes, 8:30 AM hanggang 5 PM (sarado kapag piyesta-opisyal). Iba pang mga paraan upang makontak ang Tri-CED: bisitahin o lumiham sa Tri-CED sa 33337 Western Avenue, Union City, CA 94587.

Lungsod ng Union City

Makipag-ugnayan sa Solid Waste Recycling Coordinator ng Lungsod ng Union City sa (310) 675-5466.

MAS MAINAM
NA SERBISYO SA PAGKOLEKTA
DITO!!

YW017148

CITY OF UNION CITY
CALIFORNIA
INCORPORATED JANUARY 1959

Lungsod ng Union City, 34009 Alvarado-Niles Road, Union City, CA 94538

Tri-CED
Community Recycling

ALLIED WASTE SERVICES

Nakalimbag sa 15% na post consumer recycled na papel
Tagalog